

Panahon na puwedeng magmaneho sa loob ng Japan gamit ang International Driving Permit


Para sa pagmamaneho sa loob ng Japan gamit ang International Driving Permit, kinakailangan na ang lisensyang ipinagkaloob ng bansang kasali sa Geneva Convention sa pamamagitan ng itinakdang format ng nasabing Convention(format na nakatakda sa Annex 9 o Annex 10) na hindi hihigit sa isang taon mula sa araw ng pag-iisyu, at ang araw ng pagpasok o pagbalik ng may-ari ng lisensya sa Japan ay hindi rin hihigit sa isang taon.

Ngunit, kung ang isang taong nakarehistro sa Basic Resident Register (halimbawa'y Japanese, Taga-ibang bansa tulad ng mid-to-long term resident at iba pa) ay naaangkop sa artikulo 107-2 ng Road Traffic Act o tinatawag na "3-month rule", hindi siya puwedeng magmaneho. Nakasulat sa ibaba ang paliwanag tungkol sa panahon na puwedeng magmaneho.


1 Kung ang isang taong hindi nakarehistro sa Basic Resident Register ay pumasok sa Japan

Ang panahon na puwedeng magmaneho ay "Wastong panahon o bisa ng International Driving Permit (isang taon mula sa araw ng pag-iisyu)" o "Isang taon mula sa pagpasok sa Japan", kung alin mang panahon ang mas maiksi.

(1) Kung ang unang pagpasok sa Japan ay pagkatapos ng pagkuha ng International Driving Permit (Ang karamihan ng nasa situwasyong ito ay mga short-term visitor kagaya ng turista at iba pa)




(2) Kung ang pagkuha ng International Driving Permit ay pagkatapos ng unang pagpasok sa Japan (Sa situwasyong ito ang mga taong nakakuha ng lisensya sa pamamagitan ng mail o iba pang paraan nang hindi lumabas ng Japan)




2 Kung ang isang taong nakarehistro sa Basic Resident Register ay lumabas at muling pumasok sa Japan

Kung ang isang taong nakarehistro sa Basic Resident Register (halimbawa'y Japanese, Taga-ibang bansa kagaya ng mid-to-long term resident at ipa pa) ay tumanggap ng confirmation ng paglabas o permiso ng muling pagpasok, at lumabas ng Japan, at kumuha ng bagong International Driving Permit at muling pumasok(bumalik) sa Japan bago umabot sa tatlong buwan ang kanyang pagtira sa ibang bansa, ang araw ng pagpasok(pagbalik) sa Japan ay hindi ibibilang na araw ng simula ng panahon na puwedeng magmaneho (dahil sa tinatawag na "3-month rule"). Kaya ay hindi siya puwedeng magmaneho.

(1) Kung ang muling pagpasok (pagbalik) ay bago umabot sa tatlong buwan ang pagtira sa ibang bansa (Ang karamihan ng nasa situwasyong ito ay mga foreign nationality)



(2) Kung ang muling pagpasok (pagbalik) ay bago umabot sa tatlong buwan ang pagtira sa ibang bansa (Ang karamihan ng nasa situwasyong ito ay mga Japanese)



(3) Kung ang muling pagpasok (pagbalik) ay pagkalipas ng tatlong buwan o higit pa

